**NAALINSUNOD NA PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA WILLIAMS**

## FORM SA PAGREREKLAMO: NAALINSUNOD NA PAMAMARAAN NG PAGREREKLAMO SA WILLIAMS

Ang Alituntuning Pang-edukasyon 35186 ay gumagawa ng pamamaraan sa pagsampa ng mga reklamo ukol sa mga pagkukulang na may kaugnayan sa materyales sa pagtuturo, kalagayan ng mga pasilidad na hindi napapanatili sa malinis o ligtas na pamamaraan o nasa maayos na kalagayan, o pagkabakante ng pwesto ng guro o maling pagtatalaga. Ang reklamo at tugon ay mga publikong dokumento tulad ng nakasaad sa batas. Ang mga reklamo ay maaaring isampa nang hindi nagpapakilala. Bagamat, kung ikaw ay nagnanais na makatanggap ng tugon sa iyong reklamo, ikaw ay dapat magbigay o magpunan ng mga impormasyong hinihingi sa ibaba.

Humihiling ng tugon? ❑ Oo ❑ Hindi

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: (kung humihiling ng pagtugon)

Pangalan: ____________________

Address/Tirahan: ____________________

Numero ng Telepono: Umaga: __________ Gabi: __________

E-mail address, kung mayroon: ____________________

Petsa kung kailan naobserbahan ang problema: ____________________

Lokasyon ng problema kung saan ipinaparating ang reklamong ito:

Pangalan ng paaralan/address: ____________________

Kurso/antas at pangalan ng guro: ____________________

Numero ng silid/pangalan ng silid/lokasyon ng pasilidad: ____________________

**Ang mga sumusunod na mga isyu lamang ang maaaring sumailalim sa proseso ng pagrereklamo. Kung ikaw ay nagnanais na magreklamo tungkol sa mga isyu na hindi nabanggit sa ibaba, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa paaralan o distrito para sa naaangkop na proseso ng pagrereklamo.**

Tiyak na (mga) isyu ng reklamo: (Pakimarkahan ng check ang lahat ng naaangkop. Ang reklamo ay maaaring maglaman ng mahigit sa isang alegasyon).

1. Aklat-aralin at materyales sa pagtuturo: (Alituntuning Pang-edukasyon 35186; 5 CCR 4681)

   ❑ Ang estudyante, kabilang ang mga mag-aaral sa Ingles, ay walang aklat-aralin o materyales sa pagtuturo na nakahanay sa pamantayan o mga aklat-aralin o materyales sa pagtuturo na may pinagtibay na nilalaman tungkol sa pamantayan o iba pang kailangang materyales sa pagtuturo na ginagamit sa klase.

- ❑ Ang estudyanteng ay walang paraan na magkaroon o makakuha ng aklat-aralin o materyales sa pagtuturo na gagamitin sa bahay o pagkatapos ng klase. Ito ay hindi nangangailangang dalawa ang pangkat ng aklat-aralin o materyales sa pagtuturo sa bawat estudyante.

- ❑ Ang aklat-aralin o mga materyales sa pagtuturo ay nasa masama o hindi na magagamit na kondisyon, may nawawalang pahina, o hindi nababasa dahil sa pinsala o sira.

- ❑ Ang estudyante ay binigyan ng kopyang nakaxerox na galling lamang sa bahagi ng aklat-aralin o materyales sa pagtuturo upang mapunan ang kawalan ng aklat-aralin o mga materyales sa pagtuturo.

2. Pagkabakante ng pwesto ng guro o maling pagtatalaga: (Alituntuning Pang-edukasyon 35186; 5 CCR 4682)

- ❑ Ang semestre ay nagsimula nang may bakanteng pwesto ang guro. Ang *pagkabakante ng pwesto ng guro* ay isang posisyon kung saan ang solong itinalagang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa pagsisimula ng taon ng pag-aaral para sa buong taon o, kung ang posisyon ay para sa isang semestreng kurso, isang posisyon kung saan ang solong itinalagang sertipikadong empleyado ay hindi naitalaga sa umpisa ng semestre hanggang sa kabuuan nito.

- ❑ Ang guro ay kulang sa mga kredensyal o pagsasanay na magturo sa mga mag-aaral ng Ingles ay naitalagang magturo sa klaseng may mahigit 20 porsiyentong mag-aaral ng Ingles.

- ❑ Ang gurong naitalagang magturo sa klase ay may pagkukulang sa kakayanang ituro ang mga tema sa paksa.

3. Kondisyon ng Pasilidad: (Alituntuning Pang-edukasyon 17592.72, 35186, 35292.5; 5 CCR 4683)

- ❑ Ang kondisyong umiiral ay nagbibigay ng biglang pangangailangan o kagyat na banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga estudyante o mga kawani katulad na lamang ng pagtagas ng gas; hindi gumaganang pagpapainit, bentilasyon, mga pandilig sa sunog, o sistema ng air-conditioner; kawalan ng kuryente, malaking paghinto ng linya ng dumi sa alkantarilya; maramihang peste o pagsalakay ng mga vermin; basag na bintana o pintuan sa labas o pasukan na hindi na maaring makandado na makapagdudulot ng panganib sa seguridad; pagpapababa ng mga mapanganib na materyales na nadiskubre nang kalaunan na magdudulot ng madaliang panganib sa mga estudyante o kawani; sira sa estrukturang nagdudulot ng panganib o may kondisyong hindi akmang pagtuluyan; at iba pang mga kondisyon na maituturing na hindi naangkop sa distrito.

- ❑ Ang palikuran ng paaralan ay hindi nalilinis o napapanatili nang regular, hindi palaging maaaring gamitin, o walang sapat na mga tisyu, sabon, papel na tuwalya, o gumaganang patuyuan ng kamay.

- ❑ Ang paaralan ay hindi pinapanatiling bukas ang mga palikuran tuwing oras ng klase kapag ang mga estudyante ay wala sa klase, at hindi pinapanatiling sapat ang bilang ng mga palikurang bukas tuwing oras ng klase kapag ang mga estudyante ay nasa klase. Hindi ito naaangkop sa pansamantalang pagsara ng palikuran para sa kaligtasan ng estudyante o sa tuwing nagsasagawa ng pag-aayos.

Mangyari lamang na ilarawan ang isyu ng iyong reklamo sa detalyadong pamamaraan. Ikaw ay maaaring maglagay ng karagdagang pahina at magsama ng kahit gaano karaming tekstong kailangan upang

mailarawan nang lubos ang sitwasyon. Para sa reklamo tungkol sa kondisyon ng pasilidad, pakilarawan ang biglang pangangailangan o emergency o kondisyon ng mga kagyat na pasilidad at kung paano ito nagdulot ng panganib sa kalusugan o kaligtasan ng mga estudyante o kawani.

____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________

Mangyaring isampa ang reklamong ito sa nasabing lokasyon:

*Site Principal or Title IX Coordinator/ Uniform Complaint Compliance Officer*
*4100 Normal Street, Room 2129*
*San Diego, CA 92103*

Mangyaring maglaan ng lagda sa ibaba. Kung ikaw ay humihiling na hindi makilala, ang lagda ay hindi na kailangan pa. Subalit, lahat ng reklamo, kahit ang mga galling sa hindi kilalang personalidad, ay dapat lagyan ng petsa.

_______________________________________ _________________________
(Lagda) (Petsa)